TAGALOG

Isang Maikling Patnubay para sa mga Pagtatalo at Apila

Karamihan sa mga kahilingan sa apila para sa asignatura ay nasa ilalim ng proseso sa Pag-apila sa Paglipat: gayunpaman ang ilan sa mga kahilingan na may kinalaman sa asignatura ay nangangailangan ng ibang proseso sa isang partikular na opisina/departamento.Ang mga sumusunod ay ilan sa lugar sa pag-aapila sa Seattle Public Schools:

504 Kaluwagan sa Kapansanan ng Mag-aaral (Medikal o Pangkaisipan na kondisyon)
Sa karamihan ng mag-aaral na may mga medikal o pangkaisipan na kondisyon ang makatwirang tulong ay pinagpapasyahan at inaayos sa ilalim ng Section 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, Student Disability Accommodations sa ibinigay na paaralan. Sa ilang kaso, ang paglipat ng paaralan ay aalamin kung kailangan. Tawagan ang naka-base sa paaralan na Tagapag-ugnay sa 504 o tawagan ang Tagapag-ugnay sa 504 ng Distrito(252-0110) para matulungan sa mga kahilingan na may kaugnayan sa Section 504.

Mga Pagkakamali sa Asignatura (Mga Pag-uusisa)
Ang mga Magulang/Tagapag-alaga na naghihinala na may mga pagkakamali sa pagproseso ng pormularyo ng paaralan ng anak ay maaring humiling ng pag-uusisa sa pagtawag sa isa sa mga Enrollment Centers o Enrollment Planning (252-0586).

Pagdidisiplina
Ang mga mag-aaral na nasuspindi o napatalsik na nais na umapila para mabago ang kalagayan ng pagdidisiplina ay maaring gawin sa pamamagitan ng Tanggapan ng Apila para sa Disiplina (252-0820).

Karapat-dapat sa mga Programa
Ang mga magulang/tagapag-alaga na nagnanais na baguhin ang kanilang kalagayan o serbisyo para sa *Espesyal na Edukasyon* (252-0055), Bilingguwal (252-7750), Advanced Learning (252-0130), o Early Entrance (252-0130) ay dapat kumunsulta sa partikular na departamento para malaman kung karapat-dapat.

Homeless Disputes (Mga Pagtatalo tungkol sa Walang Tirahan)
Ang mga pagtatalo tungkol sa mga serbisyo ng asignatura ng walang tirahan at transportasyon ay isinasangguni sa Homeless Liaison (252-0822). Ang mga pormularyo at mga pamamaraan ay makukuha sa: http://www.seattleschools.org/area/homeless/A-p-peal~/~2OProcess-Parent-D

Non-Resident Assignments (Mga Asignatura para sa Nakatira sa labas ng Hangganan ng Distrito)
Kung ang kanilang pormularyo ay hindi tinanggap, ang mga mag-aaral na hindi naninirahan sa Seattle at pumapasok o nagnanais na pumasok sa SPS ay dapat umapila sa OSPI sa (360)725-6133. Ang karagdagang impormasyon para sa hindi nakatira ay makukuha sa: http://www.seattleschools.org/area/eso/nonresidentstudents.xml.

Special Education Placement (Paglalagay para sa Espesyal na Edukasyon)
Ang edukasyonal na kalagayan (programa at mga serbisyo) para sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay pinagpapasyahan ng mga pangkat ng IEP. Ang mga mag-aaral na nangangailangan ng mga serbisyo na hindi ibinibigay sa bawat gusali ay itinatalaga sa isang gusali na may kakayahang ibigay ang nakilalang programa at mga serbisyo na naayon sa pangangailangan ng mag-aaral, lokasyon, at kapasidad. Ang mga apila sa asignatura ng gusali ay maaring ibigay sa Departamento ng Espesyal na Edukasyon (252-0055). Kung kayo ay may alalahanin tungkol sa uri at dami ng serbisyo na tinatanggap ng inyong anak, dapat ninyong ipaalam sa pangkat ng IEP ng inyong anak.

Transportasyon

Ang mga kahilingan para mabigyan ng mga serbisyo ng transportasyon ang mag-aaral na kung saan siya ay hindi nararapat ay maaring ibigay sa Departamento ng Transportasyon (252-0900). Kung may pasok, ang mga kahilingan ay maari rin ibigay sa punong-guro ng pinapasukang paaralan.